4

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 2: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Renz Michael F. Ramirez (Central Luzon State University)

**Tagasuri**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 2 / BAITANG 4**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa ugnayan ng tao at heograpiya bilang batayan sa angkop na pagtugon sa mga oportunidad at hamong kaakibat nito. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng gawaing nagsusulong sa pangangalaga at paglinang ng mga pinagkukunang yaman. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>• Naipaliliwanag ang iba't ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa.<br>1. Nailalahad ang mga pang-ekonomiyang aspketo ng pinagkukunang yaman ng bansa.<br>2. Nakapaglalahad ng mga iba't bang kahalagahan ng pinagkukunang-yaman sa panbansang ekonomiya.<br>3. Nakapagsalaysay ng magagandang epekto mula sa mga pinagkukunang yaman ng bansa.<br>4. Naibabahagi ang mga pakinabang pang-ekonomiya mula sa paggamit ng yamang pambansa para sa kabuhayan, kapaligiran, at kultura.<br>• Natatalakay ang mga hamon at pagtugon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa.<br>1. Nasusuri ang mga iba't bang hamon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa.<br>2. Naiisa-isa ang mga batas at ahensiya ng pamahalaan na tumutugon sa pagpapahalaga at pagpapanatili ng mga likas na yaman ng bansa.<br>3. Nakapagbibigay ng mga paraan sa pagtugon sa mga hamon pangkabuhayan ng bansa.<br>Naipaghahambing ang mga epekto ng hamon at pagtugon ng gawaing pangkabuhayan ng bansa sa kabuhayan, kapaligiran, at kultura. |
| **C. Nilalaman** | Mga Pinagkukunang – Yaman ng Bansa (Likas na Yaman –Gubat)<br>1. Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa<br>2. Mga Hamon at Pagtugon sa mga Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa<br>3. Pangangalaga sa mga Pinagkukunang Yaman ng Bansa |

| | |
|---|---|
| **D. Integrasyon** | • Kaalamang Pangkapaligiran (environmental literacy)<br>• Sustainable Development Goals (SDGs)<br>• Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Antonio, E. D., Banlaygas, E. L., & Lagarto, J. L. (2017). Kayamanan: Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.

Imperial, C. M., Antonio, E. D., Dallo, E. M., Samson, M. C. B., & Soriano, C. D. (2016). Kayamanan Ekonomiks (pp. 24-65). Rex Book Store


National Commission on Culture and Arts. (2020). Dayaw Season 1: Episode 1 Lupa, Karagatan, Kagubatan [Documentary Film]. https://www.youtube.com/watch?v=nPk2nbLFiCY

Umali, J. (2020, November 21). Proteksiyon ng kagubatan, tamang tugon sa kalamidad. PhilStar.com. https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2020/11/21/2058344/proteksiyon-ng-kagubatan-tamang-tugon-sa-kalamidad

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-Aral**<br><br>Tukuyin kung ano ang larawan sa bawat kahon. Alamin kung ito ay tumutukoy sa yamang lupa o yamang tubig at ibigay ang kaugnayan ng larawan sa yamang likas na iyong sinagot. Gamitin ang sagutang papel.<br><br>**1.**  **2.**  | Mayroong walong (8) larawan na nasa kahon. Sa isang sagutang papel ay isusulat ng mag-aaral ang ano ang larawan at kung ito ay mag kaugnayan sa yamang lupa o tubig. Matapos ito ay magtatawag ang guro ng isang mag-aaral upang tukuyin kung ano ang nasa larawan. Isa muling mag-aaral upang alamin kung ang larawan ay kabilang sa yamang lupa o 'di kaya ay sa yamang tubig. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>3.<br></td><td>4.<br></td></tr>
<tr><td>5.<br></td><td>6.<br></td></tr>
<tr><td>7.<br></td><td>8.<br></td></tr>
<tr><td colspan="2">Mula sa Canva.com.</td></tr>
</table>
</td>
<td>Matapos makuha ang tamang sagot ay magkakaroon ng maikling pagbabahagi ang isa pang mag-aaral sa kung paano sa kanilang palagay ang larawan ay kabilang o may kaugnayan sa likas na yaman na kanilang sinagot. Maaaring ang pagbabahagi ay may kinalaman sa yamang nakukuha, hanapbuhay, o hamon na kinakaharap.<br><br>Paulit – ulit lamang ang magiging proseso hanggang makarating sa huling bilang.<br><br>Sa ganitong pamamaraan ay maihahanda muli ng guro ang mga mag-aaral sa pagkakasunod sunod na ideya na tatahakin ng paksa tungkol sa likas na yaman.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Pumili mula sa mga pagpipiliian na sa iyong palagay ay angkop sa katanungan.
<table>
<tr><td colspan="2">Halimbawa, ikaw ay nasa kagubatan, ano sa iyong palagay ang iyong makikita? Pumili ng tatlo. Bilugan ang iyong napili.</td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral, sa sagutang papel ay bibilugan ang mga bagay na sa kanilang palagay ay makikita sa kagubatan at sasagutin ang katanungan. Matapos sagutan ay tatawag ang guro ng dalawa hanggang tatlong mag-aaral na sasagot sa pamprosesong tanong na, bakit sa iyong palagay ay ang</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
Likas na yaman – ito ang mga bagay na nanggaling sa lupa, tubig, gubat, enerhiya, at iba pa.<br><br>
Kagubatan – isang uri ng likas na kapaligiran na maraming puno at halaman, tinitirhan ng mga hayop.<br><br>
Enerhiya – isang uri ng lakas na may kakayahang mapagana ang mga bagay upang maging kapaki-pakinabang sa tao.
</td>
<td>mga napili mo ang makikita mo sa loob ng kagubatan? Uulitin ang proseso para sa ikalawang tanong hanggang sa maipakilala ang paksang aralin na patungkol sa likas na yaman ng kagubatan at likas na yaman ng enerhiya.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>IKALAWANG ARAW<br><br>
1. Pinangkukunang Yaman mula sa Kagubatan<br>
Ang PILIPINAS AY MAYAMAN! Bakit sa iyong palagay ang ating bansa ay mayaman? Ito ba ay dahil sa mga matataas na gusali na ating tinitingala? Marahil ang ating bansa ay mayaman sapagkat napakaraming sasakyan ang ating nakikita na dumadaan sa mga kalsada sa ating pamayanan o hindi kaya dahil</td>
<td>Gamitin ang paunang talata bilang paunang salita para sa paksa ng aralin., Ttalakayin kung bakit sa palagay ng mga mag-aaral ay mayaman ang Pilipinas hanggang sa makuha ang sagot na may</td>
</tr>
</table>

marami ang taong naninirahan sa bawat pamayanan ng ating bansa, ang lahat ng ito ay maaaring sagot ngunit tunay na mayaman ang Pilipinas dahil sa likas na yaman na taglay nito.

Nag-umpisa ang inyong pagkatuto kung gaano kayaman ang Pilipinas pagdating sa kalupaan at katubigan, ngayon ay mas palalawakin natin ito, idadagdag natin ang likas yaman mula sa kagubatan at likas na yaman mula sa enerhiya.

Sino na dito ang nakarating o nakakita ng isang kagubatan?
(magpapakita ng larawan ng kagubatan)



Mga makikita sa larawan ng kagubatan na nagsisilbing mga pakinabang nito sa tao at ekonomiya:

| **Likas na Yaman mula sa Kagubatan** | **Biyaya mula Kagubatan** | **Pamprosesong Katanungan** |
|---|---|---|
| Punongkahoy | • Nakakalikha ng mga kapaki-pakinabang na mga bagay tulad ng papel, muwebles sa bahay kagay ng upuan, lamesa, ~~c~~kabinet at marami pang iba.<br>• Sumisipsip ng tubig upang maiwasan ang pagbaha<br>• Kahoy na panggawa ng mga bahay<br>• Bunga ng puno na siyang magiging pagkain ng tao<br>• Sariwang hangin | • Ano sa iyong palagay ang mangyayari kung wala na ang mga puno ating kagubatan? |


kinalaman sa likas na yaman. Magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang mga hinuha tungkol sa kagubatan upang mabuo sa kanilang kaisipan ang larawan ng isang kagubatan.

Magtatanong ang guro kung ano-ano ang kanilang napapansin sa larawan ng kagubatan. Isa-isahin ang mga bagay sa loob ng larawan.

Malaya ang guro na talakayin ang tatlong bahagi ng nilalaman na patungkol sa mga biyaya ng yamang gubat, gayundin ang mga biyaya na nakukuha mula sa likas na yaman at ang pamproseng tanong ang siyang mag-uugnay ng sa epekto ng yaman ng bansa sa tao, kabuhayan at kapaligiran,

| | | |
|---|---|---|
| Tahanan ng mga hayop | • Ang kagubatan ang nagsisilbing tahanan ng maraming hayop kasama na rito ang mga tinatawag nating “endangered species” tulad ng Philippine Eagle, Tamaraw, at Tarsier. | • Kung walang kagubatan, saan kaya maninirahan ang mga hayop na ito? Mabubuhay kaya sila kung wala sila sa kagubatan? |
| Halaman at bulaklak | • Mga halamang gamot<br>• Dekorasyon sa hardin | • Saan nanggagaling ang mga gamot na iniinom natin kapag tayo ay may sakit?<br>• Kung walang kagubatan saan tayo kukuha ng sangkap para makagawa ng gamot? |
| *Watershed* | • Nagbibigay ng malinis na tubig sa mga tirahan malapit sa gubat | • Kung walang kagubatan, saan tayo maaaring kumuha ng malinis na tubig? |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   **Bungang Sagot**
   Kumpletuhin ang pangungusap na, “kung walang kagubatan, walang _______”
   Magbigay ng limang kasagutan at isulat ito sa mga bunga sa loob ng puno.



**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ito ang Puno, Ito na ang Bunga**

Matapos ang inyong gawain ay magkakaroon tayo ng pagbabahagi ng inyong mga gawain.

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Bakit mahalaga ang kagubatan mula sa iyong natapos na gawain?
2. Kung walang gubat, ano ang mawawala sa mga tao at sa mundo?

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Gawaing Pangkabuhayan mula sa Yamang Gubat**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Nalaman natin ang mga biyaya ng kagubatan, ngayon ay bigyang-halaga natin kung paano ang biyaya ng kagubatan ay mahalaga para sa atin na gumagamit ng mga likas na yaman.

| Biyaya ng Yamang Gubat | Pang-ekonomikong Pakinabang | Nalilikhang Kabuhayan |
|---|---|---|
| Punongkahoy | **Gawaing Pang-industriya.** Nakakalikha ng mga produktong kapaki-pakinabang tulad ng:<br>• papel<br>• goma<br>• troso<br>• tissue Paper<br>• tabla<br>• kahoy<br>• muwebles<br>• produktong Handicraft<br>• at marami pang iba | • Magtrotroso<br>• Gawaing pang-industiyal gaya ng factory worker<br>• Entrepreneur<br>• Handicraft maker<br>• Furniture maker |
| Mga hayop na naninirahan sa kagubatan | **Gawaing Pangturismo**<br>• Nagpapalago ng ekonomiya para makita at mapangalagaan ang | • Tourist Guide<br>• Tourism Officer<br>• Entrepreneur |

Gamit ang worksheet ng mga mag-aaral ay magkakaroon ng isang gawain kung saan ay magkakaroon ng pagkamulat ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng kagubatan.

Magtawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng kanilang natapos na gawain.Malayang talakayan tungkol sa mga pang-ekonomikong pakinabang ng at nalilikhang kabuhayan ng mga biyaya na mula sa yamang gubat.

Bigyang- diin ang mga susing salita gaya ng biyaya ng yamang gubat, gawaing pangturismo, gawaing pang-industriyal, gawaing pananaliksik, at gawaing pang-enerhiya na siyang magiging gabay para sa susunod na gawain ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| | mga endangered species na makikita lamang sa kagubatan gaya ng Tarsier sa Bohol, Tamaraw sa Mindoro at Philippine Eagle sa Davao.<br><br>**Gawaing Pananaliksik**<br>• Mga mananaliksik ng mga bagong tuklas tungkol sa mga maiilap na hayop sa kagubatan | • Mananaliksik para sa bagong kaalaman sa mga natatago at mailap na hayop sa kagubatan at kung paano ~~sila~~ pangalagaan at ingatan. |
| Halaman at bulaklak | **Gawaing Pananaliksik**<br>• Paglikha ng mga gamot gamit ang mga halaman sa gubat<br><br>**Gawaing Pang-industriya.**<br>• Paglikha ng mga dekorasyon at produkto gamit ang mga bulaklak na matatagpuan sa kagubatan gaya ng orchids. | • Mananaliksik tungo sa paglikha ng mga gamot sa iba't ibang sakit<br>• Artist gamit ang mga bulaklak<br>• Entrepreneur gamit ang mga nalikhang gamot at dekorasyon na mula sa gubat. |
| Watershed | **Gawaing Pangturismo**<br>• Puntahan ng mga bisita mula sa ibang panig ng bansa at mga dayuhan ang mga watershed sa kagubatan gaya ng talon ng Maria Cristina sa Northern Mindanao at Pagsanjan Falls sa Laguna.<br><br>**Gawaing Pang-enerhiya** | • Tourist Guide<br>• Tourism Officer<br>• Entrepreneur<br>• Indrustiyal na may kinalaman sa pagbibigay ng kuryente |

| | | |
|---|---|---|
| | • Nagbibigay ng kuryente mula sa puwersa ng pagbaba ng tubig sa mga talon sa kagubatan na nagpapalakas sa mga pabrika | |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
**Ito ang Kuwento ng Buhay ko!**
**Kumpletuhin ang mga pangungusap. Isulat sa patlang ang iyong sagot,**


| |
|---|
| **1. Ako ay isang ____________________**<br>a. Magtrotroso<br>b. Factory Worker<br>c. Entrepreneur<br>d. Handicraft maker<br>e. Furniture maker<br>f. Tourist Guide<br>g. Tourism Officer<br>h. Mananaliksik<br>**i.** Artist |
| **2. Mula sa kagubatan ang _________________ na aking ginagamit sa aking hanapbuhay.**<br><br>**a.** punongkahoy<br>b. mga maiilap at endangered species na hayop<br>c. mga watershed<br>d. halamang gamot ~~a~~<br>e. bulaklak |
| **3. Ang aking hanapbuhay ay nagbibigay ng _______________ sa ekonomiya ng bansa na siyang aming ambag para mapalago ito.**<br><br>**a.** gawaing pangturismo<br>b. gawaing pang-indutriyal<br>c. gawaing pananaliksik<br>d. gawaing pang-enerhiya |

Sa isang sagutang papel, kailangang kumpletuhin ng mga mag-aaral ang pangungusap gamit ang mga pagpipilian sa ibaba. Pumili lamang ng isa.

| **4. Mahalaga ang aking hanapbuhay dahil ___________________________.** |
|---|
| **a.** malaki ang nagiging ambag sa paglago ng ekonomiya ng bansa.<br>b. napapangalagaan ang kagubatan ng bansa.<br>c. naipapakilala ang kagandahan ng Pilipinas sa ibang panig ng mundo.<br>d. nakakapagambag sa pagbibigay kalinga sa kagubatan ng bansa. |

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ito ang Mukha ng Aking Kuwento!**



Gamit ang larawan ng tao, iguhit at dagdagan ng detalye ang larawang upang magmukha ito na katulad sa hanapbuhay na iyong napili mula sa huling gawain.

Epekto ng pakinabang pang-ekonomiko ng yamang gubat sa tao sa kaniyang:

a. kabuhayan
b. kapaligiran
c. kultura

**3. Pagproseso ng Pag-unawa**

| Mga Suliranin at Hamon na Kinahaharap ng Yamang Gubat | Dahilan ng Suliranin | Hakbang ng Pamahalaan |
|---|---|---|
| Mabilis na pagkaubos at pagkasira ng mga gubat sa Pilipinas | Illegal Logging, Kaingin | Presidential Decree No. 705, s. 1975 - Forestry Reform Code of the Philippines<br><br>Republic Act No. 3701-An Act to Discourage Destruction of Forests<br><br>Republic Act No. 7161 - Ncreasing The Forest Charges on Timber and Other Forest Products |
| Climate Change | Deforestati on | Republic Act. No. 9729 - The Climate Change Act |

Mula sa huling gawain ng mga mag-aaral ay bibigyan nila ng mukha ang napili nilang hanapbuhay sa pamamagitan ng pagguhit at pagdagdag ng iba pang detalye mula sa larawang tao na nasa sagutang papel. Kailangan na ang mga idadagdag na detalye ay may kaugnayan sa hanapbuhay na kanilang napili mula s hauling gawain.

Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga gawain sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang iginuhit na larawan at pagbabasa ng kanilang nabuong kuwento sa huling gawain.

| | | |
|---|---|---|
| Pagdami ng endangered species at pagkawala ng mga hayop sa mga kagubatan | Pagkasira at pagkawala ng natural na tirahan ng mga hayop | Republic Act No. 9147 - An Act Providing for The Conservation and Protection of Wildlife Resources And Their Habitats, Appropriating Funds Therefor and For Other Purposes |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**AKRONIM: M-A-Y M-A-G-A-G-A-W-A K-A-M-I**

Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa grupo na kung maaari ay mayroong sampu hanggang labinglimang miyembro. Ang bawat grupo ay susulat ng mga paraan kung paano sila makakatulong sa kanilang simpleng pamamaraan sa mga suliranin na kinahaharap ng yamang gubat. Ang bawat isusulat na solusyon ay dapat mag-umpisa sa mga letrang M-A-Y M-A-G-A-G-A-W-A K-A-M-I.

Ang guro ay ipapangkatin ang mga mag-aaral sa sampu hanggang labinglimang miyeMbro sa papamagitan ng pagbilang sa kanilang kinauupuan. Gabayan ang bawat grupo sa buong durasyon ng gawain.


**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Matapos ang pagsulat ang pagbuo ng solusyon gamit ang akronim, ang lahat ng grupo ay mabibigyan ng pagkakataon na ibahagi ang kanilang nabuong mga solusyon sa pagkakasunod na letra ng M-A-Y M-A-G-A-G-A-W-A K-A-M-I.

**D. Paglalahat**

**IKA-APAT NA ARAW**

**1. Pabaong Pagkatuto**




**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Ipaliwanag ang iyong sagot sa sumusunod na tanong.

Gamitin ang dayagram na ito upang magkaroon ng talakayan sa paglalahat ng mga pagkatuto ng mga mag-aaral sa paksang aralin.

| | | |
|---|---|---|
| | Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:<br>1. Ano-ano ang mga likas na yaman na matatagpuan mula sa yamang gubat?<br>2. Ano-ano ang mga pakinabang sa ekonomiya mula sa yamang gubat?<br>3. Ano-ano ang mga hamon na kinahaharap ng yamang gubat sa ating bansa? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | See below | |

**A. Pagtataya**

1. **Pagsusulit**

Gawain I. Punan ang mga kahon ng mga hinahanap na salita o mga salita. Isang (1) puntos sa bawat tamang sagot.

| | **Likas na yaman** | **Hanapbuhay** | **Gawaing Pang-ekonomiya** | **Hamon na hinaharap** |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Punongkahoy | | Pang-indutriya | |
| 2 | Mga Hayop | | | Pagkawala ng natural na tahanan |
| 3 | Halaman at Bulaklak | Mananaliksik | | |
| 4 | | | Pang-enerhiya | Pagkaubos ng kagubatan |

2. **Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin**

Gawain II. Ibigay ang sanhi at epekto ng hamon na kinakaharap ng yamang gubat. Isang (1) puntos sa bawat tamang sagot,

| | **Sanhi** | **Hamon na Kinakaharap** | **Epekto** |
|---|---|---|---|
| 1 | | Mabilis na pagkaubos at pagkasira ng mga gubat sa Pilipinas | |
| 2 | | *Climate Change* | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3"><table><tr><td>3</td><td></td><td>Pagdami ng endangered species at pagkawala ng mga hayop sa mga kagubatan</td><td></td></tr></table></td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>